REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
BATANGAS CITY

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON DECEMBER 14, 2020 AT THE SANGGUNIAN SESSION HALL

PRESENT:

Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr.,	Presiding Officer
Hon. Alyssa Renee A. Cruz,	Councilor
Hon. Aileen Grace A. Montalbo,	"
Hon. Nestor E. Dimacuha,	"
Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted,	"
Hon. Gerardo A. Dela Roca,	"
Hon. Oliver Z. Macatangay,	"
Hon. Nelson J. Chavez,	"
Hon. Julian B. Villena,	"
Hon. Michael Thomas T. Pastor,	"
Hon. Isidra "Ched" M. Atienza,	"
Hon. Maria Aleth A. Lazarte,	"
Hon. Lorenzo A. Gamboa, Jr.,	"
Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha,	ABC-Rep.
Hon. Marjorie A. Manalo,	SK-Fed. Pres.

"On motion of Councilor Buted seconded by Councilor Dela Roca, the following Resolution was Adopted:

RESOLUTION NO. 394 S. 2020

APPROVING BARANGAY ORDINANCE NO. 01 S. 2020 OF BARANGAY HALIGUE SILANGAN, BATANGAS CITY ENTITLED: "ORDINANSANG NAGTATAKDA NG SINGIL SA BARANGAY CLEARANCE AT PAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PANLUNGSOD NA INGAT-YAMAN PARA KOLEKTAHIN ANG BAYAD SA MGA BARANGAY CLEARANCE SA NGALAN NG BARANGAY NA ITO"

RESOLVED, to approve Barangay Ordinance No. 01 S. 2020 of Barangay Haligue Silangan, Batangas City entitled: "Ordinansang Nagtatakda ng Singil sa Barangay Clearance at Pagbibigay Kapangyarihan sa Panlungsod na Ingat-yaman Para Kolektahin ang Bayad sa mga Barangay Clearance sa Ngalan ng Barangay na Ito".

UNANIMOUSLY APPROVED.

- -

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 394 S. 2020 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on December 14, 2020.

JOE ANTHONY P. CLAUS
Loc. Leg. Staff Officer I

NOTED:

ATTY. OLIVA D. TELEGATOS
Secretary

ATTESTED:

EMILIO FRANCISCO A. BERBERABE, JR.
Presiding Officer

Republic of the Philippines
Department of Interior and Local Government
OFFICE OF THE PUNONG BARANGAY
Barangay Haligue Silangan
Batangas City

THE HON. MEMBERS
CITY COUNCIL
BATANGAS CITY

Greetings!

We respectfully forward to you a copies of our proposed Barangay Ordinance No.1 Series 2020. ***ORDINANSA NAGTATAKDA NG SINGIL SA BARANGAY CLEARANCE AT PAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PANGLUNGSOD NA INGAT YAMAN PARA KOLEKTAHIN ANG BAYAD SA MGA BARANGAY CLEARANCE SA NGALAN NG BARANGAY NA ITO.*** For your review and approval before it becomes an active law in our barangay.

Respectfully yours,

HARRY GLENN R. BALMES
Punong Barangay

Republic of the Philippines
Department of Interior and Local Government
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BARANGAY
Barangay Haligue Silangan
Batangas City

ORDINANSANG PANG BARANGAY BLG1 SERYE 2020

ORDINANSA NAGTATAKDA NG SINGIL SA BARANGAY CLEARANCE AT PAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PANGLUNGSOD NA INGAT YAMAN PARA KOLEKTAHIN ANG BAYAD SA MGA BARANGAY CLEARANCE AT KAPANGYARIHAN MAG-ISYU NG BARANGAY CLEARANCE SA NGALAN *NG BARANGAY NA ITO.*

SAPAGKAT, sa ilalim ng Seksyon 152 (c) ng Republic Act 7160 ng Local Government Code of 1991 ay binigyan ng kapangyarihan ang barangay na magbigay ng clearance para sa ano mang lisensya o permit, negosyo o gawain na nasasakupan ng barangay para sa layuning ito. Ang barangay ay maaring maningil ng bayad sa Barangay Clearance sa halagang maituturing na makatarungan.

SAPAGKAT, sa ilalim ng Seksyon 11 (f) ng R.A. 11032 (Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018) na nag-amyenda sa R.A. 9485 (The Anti-Red Tape Act 2007) ay binigyan ng kapangyarihan ang Pamahalaang Lungsod na tumanggap ng application at mag-isyu ng Barangay Clearance at Permit para sa mga negosyo at gawain sa nasasakupan ng barangay at mangolekta ng barangay clearance fee sang-ayon sa angkop na halagang itinakda ng barangay.

SAPAGKAT, sa pamamag-itan ng Joint Memorandum Circular No. 2019-01 ng Anti Red-Tape Authority, Civil Service Commission at Department of Trade and Industry ay itinakda ang Implementing Rules and Regulation ng R.A. No. 11032 upang maipatupad sa lahat ng ahensya ng Pamahalaan, kasama ang mga Barangay bilang Local Government Units , na nagbibigay ng serbisyong publiko.

DAHIL DITO, itinakda ng Sangguniang Barangay ang mga sumusunod;

SEKSYON 1. MAIKLING PAMAGAT- Ang Ordinansang ito ay makikilala at tatawaging Barangay Clearance Ordinance ng Barangay Haligue Silangan, Lungsod ng Batangas.

SEKSYON 2. NASASAKLAW- Ang Ordinansa ito ay sumasaklaw sa pag-iisyu ng Barangay Clearance at paniningil sa Barangay Clearance Fee para sa ano mang negosyo, trabaho o Gawain sa nasasakupan ng Barangay Haligue Silangan, Lungsod ng Batangas.

SEKSYON 3. KAHULUGAN NG SALITA- Kapag ginamit sa Ordinansang ito;

a. Barangay Clearance- Kasulatan na nagpapatunay na ang binigyan ay walang ano mang pananagutang administratibo, sibil o criminal sa o ano mang legal na hadlang upang makapagsagawa ng negosyo, gawain, trabaho at iba pang katulad nito sa nasasakupan.
b. Barangay Clearance Fee-Halaga ng singil ng barangay para sa pagbibigay ng barangay clearance fee.

c. Electronic Copy (e-copy)- Kopya ng barangay clearance na makikita sa paggamit ng electronic equipment o tools ay maaaring pagkunang printed o hard copy.
d. Eletronic Signature- Lagda ng barangay official na may kapangyarihan mag isyu ng barangay clearance na nakatatak sa electronic copy ng barangay clearance.
e. Negosyo- Ano mang legal na gawaing trabaho o transaksyon na gumagamit ng puhunan o capital at naglalayon kumita ng tubo (profit).

SEKSYON 4. PAGPAPATAW NG HALAGA NG BARANGAY CLEARANCE- Ang mga sumusunod ay takdang singil para sa barangay clearance.

a. Barangay Clearance para sa pagkuha o pag re-renew ng lisensya o permiso sa kanilang negosyo o hanapbuhay na nakatayo o matatagpuan sa nasasakupan ng barangay----------Ph 200.00
b. Barangay Clearance para sa pagkuha ng permiso buhat sa barangay ng isang indibidwal o korporasyon para sa pagpapatayo ng isang instraktura (house, building, etc) o ano mang kapareho nitong proyekto sa nasasakupan ng barangay----------Ph 300.00
c. Barangay Clearance para sa iba pang bagay o kadahilanan na hindi kasama sa naunang dalawa nabanggit sa itaas nito-Ph 100.00

SEKSYON 5. PANAHON NG PAGKUHA NG BARANGAY CLEARANCE- Lahat ng negosyo, Gawain o trabaho sa nasakupan ng Barangay Haligue Silangan, Lungsod ng Batangas ay kailangang kumuha ng Barangay Clearance bago magsimula ng operasyon ng kanilang negosyo, Gawain at trabaho. Para sa renewal ng permit ng negosyo, Gawain o trabaho, ang barangay clearance ay kailangan kuhanin sa buwan ng Enero ng bawat taon ng renewal.

SEKSYON 6. PAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA INGAT YAMAN NG LUNGSOD- Ang ingat yaman ng Lungsod (City Treasurer) ay binibigyan ng karapatan ng Barangay Haligue Silangan, Lungsod ng Batangas na mag-isyu ng electronic copy, electronic generated/ printed copy ng barangay clearance na mayroon ng electronic signature ng Punong Barangay, para lamang sa business permit o renewal ng business permit. Binibigyan din ng pahituntulot ang ingat yaman ng Lungsod na kolektahin ang angkop na halaga o singil sa barangay clearance ng negosyo at mag-isyu ng resibo para sa barangay. Ang kabahagi ng barangay sa nakolektang halaga ng barangay clearance na naiisyu ng city treasurer ay isusulit sa barangay o idedeposito sa angkop na barangay accounts sa loob ng pitong (7) araw (seven working days) mula sa araw ng pagkulekta.

SEKSYON 7. TUNGKULIN NG PAMUNUAN NG BARANGAY- Tungkulin ng lahat ng namumuno o upisyal ng barangay na magsasagawa ng pagpapalaganap ng impormasyon para sa epektibong pagpapatupad ng ordinansang ito.

SEKSYON 8. KAPARUSAHAN- Ang sino mang lalabag sa Ordinansang ito sa pamamag-itan ng hindi pagbabayad ng itinakdang halaga ng barangay clearance, pagbabayad ng hindi sapat na halaga, o hindi pagbabayad sa itinakdang panahon ng pagbabayad ay papatawan ng multa na nagkakahalaga ng 25% ng halagang dapat babayaran, o pagpapasara ng negosyo o pagpapahinto/pagpapatigil ng gawain o trabaho, sang-ayon sa antas/tindi (gravity) ng paglabag.

SEKSYON 9. TALATANG NAGBUBUKLOD- Kung sa ano mang dahilan at ang alin mang bahagi ng Ordinansang ito ay mapatunayan labag sa Saligang Batas o mapawalang bisa, ang ibang bahagi nito na hindi saklaw ng

paglabag ay magpapatuloy sa pagkaka bisa.

SEKYON 10. TALATANG NAGPAWALANG BISA- Ang ano mang kautusan o ordinansa ng Barangay na taliwas sa itinakda ng mga probisyon ng ordinansang ito ay pinapawalang bisa.

SEKSYON 11. PAGKAKABISA-Ang Ordinansang ito ay magkakabisa SAMPUNG (10) araw buhat ng ito ay marepaso at mapagtibay ng Sangguniang Panlungsod.

PINATOTOHANAN:

MERIAM R. ARCOIREZ
Kasalukuyang Kalihim ng Barangay

PINATUTUNAYAN:

HARRY GLENN R BALMES
Tagapangulo

PINAGTIBAY :

ABSENT
MARIO D CASAO
Kagawad

COSME V MARASIGAN
Kagawad

EUSEBIO VELASQUEZ
Kagawad

LUISA B BEREDO
Kagawad

MARINA JASA
Kagawad

MACARIO EBREO
Kagawad

ANTHONY VELASQUEZ
Kagawad

SHJERWEN M MENDOZA
SK Chairman

HARRY GLENN R. BALMES
Punong Barangay